# *Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 51*
# *Ang Sulat ni Jesus sa simbahan sa Tiatira Yugto 3*
# *At aking papatayin ang kanyang mga anak na kamatayan*

***''18 At sa anghel ng iglesia sa Tiatira ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Anak ng Dios, na may mga matang gaya ng ningas ng apoy, at ang kaniyang mga paa ay gaya ng tansong binuli:19 Nalalaman ko ang iyong mga gawa, at ang iyong pagibig, at pananampalataya at ministerio at pagtitiis, at ang iyong mga huling gawa ay higit kay sa mga una. 20Datapuwa't mayroon akong laban sa iyo, na pinahintulutan mo ang babaing si Jezebel, na nagpapanggap na propetisa; at siya'y nagtuturo at humihikayat sa aking mga lingkod upang makiapid, at kumain ng mga bagay na inihahain sa mga diosdiosan.21 At binigyan ko siya ng panahon upang makapagsisi; at siya'y ayaw magsisi sa kaniyang pakikiapid. 22Narito, akin siyang iniraratay sa higaan, at ang mga nakikiapid sa kaniya sa malaking kapighatian, maliban na kung sila'y magsisipagsisi sa kaniyang mga gawa. 23At papatayin ko ng salot ang kaniyang mga anak; at malalaman ng lahat ng mga iglesia na ako'y yaong sumasaliksik ng mga pagiisip at ng mga puso: at bibigyan ko ang bawa't isa sa inyo ng ayon sa inyong mga gawa. 24Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, sa mga iba na nasa Tiatira, sa lahat ng walang aral na ito, na hindi nakakaalam ng malalalim na bagay ni Satanas, gaya ng sinasabi nila; hindi na ako magpapasan sa inyo ng ibang pasan. 25Gayon ma'y ang nasa inyo'y panghawakan ninyong matibay hanggang sa ako'y pumariyan. 26At ang magtagumpay, at tumupad ng aking mga gawa hanggang sa katapusan, ay bibigyan ko ng kapamahalaan sa mga bansa: 27At sila'y paghaharian niya sa pamamagitan ng isang panghampas na bakal, gaya ng pagkadurog ng mga sisidlang lupa ng magpapalyok; gaya naman ng tinanggap ko sa aking Ama: 28At sa kaniya'y ibibigay ko ang tala sa umaga. 29Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia." (Pahayag 2:18-29)***

***"21 At binigyan ko siya ng panahon upang makapagsisi; at siya'y ayaw magsisi sa kaniyang pakikiapid." (Pahayag 2:21)*** Nagbigay ng puwang ng panahon ang Diyos sa mga nasa simbahan ng Tiatira, sa mga bulaang mga guro, at sa mga nagsagawa ng mga paraan ni Jesebel upang magsisi sa kanilang mga kasalanan. Kadalasan ang Panginoon bago Niya ipadala ang Kanyang paghatol sa mga nagkasala, bibigyan Niya ng sapat at tamang panahon para magsisi at talikuran ang kanilang maling gawain at ang kanilang mga kasalanan. ***"Hindi mapagpaliban ang Panginoon tungkol sa kaniyang pangako, na gaya ng pagpapalibang ipinalalagay ng iba; kundi mapagpahinuhod sa inyo, na hindi niya ibig na sinoman ay mapahamak, kundi ang lahat ay magsipagsisi." (2 Pedro 3:9)*** *Ipinadala ng Diyos ang Kanyang Salita ng Paghatol muli kay Ahab at sa kanyang asawa at ipinahayag ang hatol sa kanila sa pamamagitan ng propetang si Elias pagkataps niyang patayin si Naboth at ang kanyang mga anak,* ***"17 At ang salita ng Panginoon ay dumating kay Elias na Thisbita, na nagsabi, 18Bumangon ka, panaugin mong salubungin si Achab na hari ng Israel, na tumatahan sa Samaria: narito, siya'y nasa ubasan ni Naboth na kaniyang pinapanaog upang ariin. 19At iyong sasalitain sa kaniya, na sasabihin, Ganito ang sabi ng Panginoon, Iyo bang pinatay at iyo rin namang inari? at iyong sasalitain sa kaniya, na sasabihin, Ganito ang sabi ng Panginoon, Sa dakong pinaghimuran ng mga aso ng dugo ni Naboth ay hihimuran ng mga aso ang iyong dugo, sa makatuwid baga'y ang iyong dugo,20At sinabi ni Achab kay Elias, Nasumpungan mo ba ako, Oh aking kaaway? At sumagot siya, Nasumpungan kita: sapagka't ikaw ay napabili upang gumawa ng kasamaan sa paningin ng Panginoon. 21Narito, aking dadalhan ng kasamaan ka, at aking lubos na papalisin ka, at aking ihihiwalay kay Achab ang bawa't anak na lalake, at ang nakukulong at ang naiwan sa kaluwangan sa Israel. 22At aking gagawin ang iyong sangbahayan na gaya ng sangbahayan ni Jeroboam na anak ni Nabat, at gaya ng sangbahayan ni Baasa na anak ni Ahia, dahil sa pamumungkahi na iyong iminungkahi sa akin sa galit, at iyong pinapagkasala ang Israel. 23At tungkol kay Jezabel ay nagsalita naman ang Panginoon, na nagsabi, Lalapain ng mga aso si Jezabel sa tabi ng kuta ng Jezreel. 24Ang mamatay kay Achab sa bayan ay lalapain ng mga aso; at ang mamatay sa parang ay tutukain ng mga ibon sa himpapawid.25 (Nguni't walang gaya ni Achab na nagbili ng kaniyang sarili upang gumawa ng kasamaan sa paningin ng Panginoon, na hinikayat ni Jezabel na kaniyang asawa. 26At siya'y gumawa ng totoong karumaldumal sa pagsunod sa mga diosdiosan, ayon sa lahat na ginawa ng mga Amorrheo, na pinalayas ng Panginoon sa harap ng mga anak ni Israel.)27At nangyari, nang marinig ni Achab ang mga salitang yaon, na kaniyang hinapak ang kaniyang mga damit, at nagsuot ng kayong magaspang sa kaniyang katawan, at nagayuno, at nahiga sa kayong magaspang, at lumakad ng marahan. 28At ang salita ng Panginoon ay dumating kay Elias na Thisbita, na sinabi, 29Nakita mo ba kung paanong si Achab ay nagpakababa sa harap ko? sapagka't siya'y nagpakababa sa harap ko, hindi ko dadalhin ang kasamaan sa kaniyang mga kaarawan: kundi sa mga kaarawan ng kaniyang anak dadalhin ko ang kasamaan sa kaniyang sangbahayan." (1 Hari 21:17-29)*** Sinabi ni Elias kay Naboth kung ano ang ang kasalanan na kanyang ginawa, na pinatay niya at kinuha niya ang pag-aari ng ibang tao at sinabi niya sa lahat ang masama na kanyang ginawa. Sinabi niya din kung ano ang mangyayari sa kanya. Pagkatapos na ihatid ni Elias ang mabigat na mensahe kay Ahab siya ay nagsisi nang may pananalangin at pag-aayuno at pagsusuot ng sako. *Kaya naman kailangan nating sumunod sa Diyos at dahil ang Kanyang Paghatol na Salita sa mga nagkakasala laban sa Diyos; hindi natin alam na maari silang magsisi at talikuran ang kanilang mga kasalanan at itama ang kanilang mga paraan kahit sumandali*.

Sa wakas, kung walang pagsisisi ang sumpa ng Diyos ay babagsak sa kanila, at ipapatupad Niya ang parusa sa kanila na sumunod kay Jesebel at sa kanyang masamang gawain. Katotohanan at sa wakas ang Panginoon ay hinarap si Ahab at ang kanyang sangbahayan. Si Ahab na pinanatili ang kanyang sarili na napalibutan ng mga bulaang mga propeta ay iniligaw ng mga bulaang propeta upang pumunta sa labanan, ***"Nang magkagayo'y pinisan ng hari sa Israel ang mga propeta na may apat na raang lalake, at nagsabi sa kanila, Yayaon ba akong laban sa Ramoth-galaad upang bumaka, o uurong ako? At sinabi nila, Umahon ka: sapagka't ibibigay ng Panginoon sa kamay ng hari." (1 Hari 22:6*)** Siya ay iniligaw ng mga bulaang mga propeta na pinahintulutang manatili sa paligid niya. Ito ang apat na raang mga propeta ng mga hardin, na kumudena sa kasalanan ng mga tao at hinyaan sila at binigyan sila ng pahintulot na gawin ang gusto nilang gawin. Sa wakas si Ahab ay namatay sa labanan sa mga Syriano at ang hinimod ng mga aso ang kanyang dugo. ***"37 Sa gayo'y namatay ang hari at dinala sa Samaria; at kanilang inilibing ang hari sa Samaria. 38At kanilang hinugasan ang karo sa tabi ng tangke ng Samaria; at hinimuran ng mga aso ang kaniyang dugo (ang mga masamang babae nga ay nagsipaligo roon;) ayon sa salita ng Panginoon na kaniyang sinalita." (1 Hari 22:37-38)*** Kaya dito ang Panginoon ay napaka partikula upang gamitin ang kasalanan at makasalanang gawi na sa mga makasalanang manggagawa ay pinili, para sa kanilang kaparusahan. Si Ahab ay napapaligiran ng mga bulaang mga propeta sa gayon ginamit ng Panginoon ang bualaang mga propeta upang iligaw siya at nagsanhi sa kanya na mamatay at ang kanyang hukbo at ang kapangyarihan ng Israel ay masira. Kaya naman kailangan mong maging maingat kung anong uri ng mga tao na nakapalibot sa iyo. Kung ikaw ay masama, sa gayon gagamitin ng Panginoon sila upang disiplinahin ka, parusahan ka, at ibaba ka.

Karagdagang paghatol na bumagsak sa mga anak ni Ahab, at kay Jesebel at gaya ng sumusunod:

1 Si Ahaziah na anak ni Ahab ay namatay sa pamamagitan ng aksidente***: "1 At ang Moab ay nanghimagsik laban sa Israel pagkamatay ni Achab. 2At si Ochozias ay nahulog sa silahia sa kaniyang silid sa itaas na nasa Samaria, at nagkasakit: at siya'y nagsugo ng mga sugo, at nagsabi sa kanila, Kayo ay magsiyaon, usisain ninyo kay Baal-zebub, na dios sa Ecron, kung ako'y gagaling sa sakit na ito. 17 Sa gayo'y namatay siya, ayon sa salita ng Panginoon na sinalita ni Elias. At si Joram ay nagpasimulang maghari na kahalili niya nang ikalawang taon ni Joram na anak ni Josaphat na hari sa Juda; sapagka't wala siyang anak." (2 Hari 1:1-2,17)*** Ito ay napakasaklap kapag ginaya mo ang mga paraan ni Jesebel at ang katuruan ni Jesebel, na magdadala ng kamatayan sa iyong mga anak, saling lahi,at disipolo. Ito ay darating kapag ginawa mo ang immoralidad sa anyo ng pagpapahintulot ang kababalaghan ng pagsasama, panliligaw, kasintahang lalake, kasintahang babae, kahit mula sa malayo sapagkat ito ay pagnanasa sa puso. Sa karagdagan doon, ang wala sa batas na pag-aasawa, pagsasama na hindi kasal, pagpahintulot sa isang solong magulang na mag-asawa sa ibang kapareha at hindi sa ama o sa ina ng kanyang anak, paghihiwalay, pag-aasawang muli, ganon din pagpahintulot sa pagtuturo sa pagkain na inihandog sa mga dios diosan at pagpayag na makapasok sa simbahan ng Diyos gaya ng ating isinilarawan sa anyo ng pagdiriwang ng kapanganakan, Pasko, Bagong Taon, Halloween na may simbolo ng bungo, Valentino, Araw ng Ama, Araw ng Ina, Araw ng mga Babae, Salo-Salo ng Pamamaalam, atbp, Ganon din ang make up, malaswang pananamit, ang paghihimagsik ay pangkukulam, at ang espirituwal na pangangalunya sa pagsamba sa ibang mga diyos sa pamamagitan ng pagsuway sa Salita ng Diyos.

2. Si Joram ang anak ni Ahab ay pinatay ng Jehu, ***"21 At sinabi ni Joram, Magsingkaw. At kanilang isiningkaw ang kaniyang karo. At si Joram na hari sa Israel at si Ochozias na hari sa Juda ay nagsilabas, bawa't isa sa kaniyang karo, at sila'y nagsilabas upang salubungin si Jehu, at nasumpungan nila siya sa putol ng lupa ni Naboth na Jezreelita.22 At nangyari, nang makita ni Joram si Jehu, na kaniyang sinabi, Kapayapaan ba Jehu? At siya'y sumagot. Anong kapayapaan, habang ang mga pakikiapid ng iyong inang si Jezabel at ang kaniyang panggagaway ay totoong lumalala?23 At ipinihit ni Joram ang kaniyang mga kamay, at tumakas, at nagsabi kay Ochozias. May paglililo, Oh Ochozias. [24] At binunot ni Jehu ang kaniyang busog ng kaniyang buong lakas, at sinaktan si Joram sa pagitan ng kaniyang mga balikat, at ang pana ay lumagpas sa kaniyang puso, at siya'y nabuwal sa kaniyang karo.25 Nang magkagayo'y sinabi ni Jehu kay Bidkar na kaniyang punong kawal: Itaas mo, at ihagis mo sa bahagi ng bukid ni Naboth na Jezreelita: sapagka't alalahanin mo kung paanong ako't ikaw ay sumakay na magkasama na kasunod ni Achab na kaniyang ama, na ipinasan ng Panginoon ang pasang ito sa kaniya;26 Tunay na aking nakita kahapon ang dugo ni Naboth, at ang dugo ng kaniyang mga anak, sabi ng Panginoon; at aking sisiyasatin sa iyo sa panig na ito, sabi ng Panginoon. Ngayon nga'y kunin mo, at ihagis mo sa panig ng lupa, ayon sa salita ng Panginoon." (2 Hari 9: 21-26)*** Tingnan kung paanong ipinaghiganti ng Diyos sa paglalagay kay Joram na anak ni Ahab sa kamatayan sa parehong lugar na pinatay ni Ahab si Naboth at ang kanyang mga anak. Si Jehu ay kasama ni Ahab at narinig niya ang mensahe ng Panginoon laban sa sangbahayan ni Ahab sa pamamagitan ng propetang si Elias.

Sinabi ni Jesus tungkol sa simbahan ng Tiatira, at *"**at siya ay hindi nagsisi" (Pahayag 2:21)*** kaya naman ipinahintulot niya ang Kanyang paghatol at mga sumpa ay dumating sa buhay ni Jesebel.

Isa sa napakahirap na bagay para sa mga magulang na harapan ay kapag ang kanilang mga anak ay mamatay bago sa kanila. Sa ilang panahon ito ay nangyayari at ipinahintulot iyon ng Diyos na mangyari upang dalhin ang Kanyang paghatol sa mga magulang na gumawa at nagsasagawa ng mga bagay na itinataguyod at ginagawa ni Jesebel.

Hahatulan ng Diyos ang kasalanan ng mga mananampalataya nang mas matindi kaysa sa parehong kasalanan ng mga hindi mananampalataya. Ang ilan ay kanilang sasabihin, marami ang gumagawa ng kapareho bakit sa gayon ay hindi sila pinaparusahan ng Diyos gaya ng ginagawa Niya sa akin? Kapag alam mo na ang katotohanan ikaw mas may pananagutan kaysa sa mga walang alam.

Narito sa pagkamatay ng dalawang anak na lalaki ni Ahab dinala ng Diyos ang Kanyang paghatol sa sangbahayan ni Ahab at ni Jesebel na gumawa ng kaguluhan sa Kaharian ng Diyos.

3. Ang pagkamatay ng 70 mga anak ng lalaki ni Ahab na ng mga matatanda ng Samaria. ***“1 Si Achab nga'y may pitong pung anak sa Samaria. At sumulat si Jehu ng mga sulat, at ipinadala sa Samaria, sa mga pinuno sa Jezreel, sa makatuwid baga'y sa mga matanda, at sa kanila na tagapagalaga sa mga anak ni Achab, na nagsasabi,2 At pagdating nga ng sulat na ito sa inyo, sa paraang ang mga anak ng inyong panginoon ay kasama ninyo, at mayroon kayong mga karo at mga kabayo, at bayan na nakukutaan naman, at sakbat;3 Piliin ninyo ang pinaka mainam at ang pinaka marapat sa mga anak ng inyong panginoon, at iupo ninyo sa luklukan ng kaniyang ama, at ipakipaglaban ang sangbahayan ng inyong panginoon.4 Nguni't sila'y natakot na mainam, at nagsabi, Narito, ang dalawang hari ay hindi nagsitayo sa harap niya: paano ngang tayo'y tatayo?5 At ang katiwala, at ang tagapamahala ng bayan, gayon din ang mga matanda, at ang mga tagapagalaga sa mga bata, ay nagsipagsugo kay Jehu, na nagsisipagsabi, Kami ay iyong mga lingkod, at gagawin namin ang lahat na iyong iuutos sa amin; hindi namin gagawing hari ang sinoman; gawin mo ang mabuti sa iyong mga mata.6 Nang magkagayo'y sumulat siya ng isang sulat na ikalawa sa kanila, na nagsasabi, Kung kayo'y sasa aking siping, at kung inyong didinggin ang aking tinig, kunin ninyo ang mga ulo ng mga lalake na mga anak ng inyong panginoon, at magsiparito kayo sa akin sa Jezreel sa kinabukasan sa may ganitong panahon. Ang mga anak nga ng hari, yamang pitong pung katao ay nangasa kasamahan ng mga dakilang tao sa bayan, na nagalaga sa kanila.7 At nangyari, nang ang sulat ay dumating sa kanila, na kanilang kinuha ang mga anak ng hari, at pinagpapatay sila, pitongpung katao, at inilagay ang kanilang mga ulo sa mga batulang na ipinadala sa kaniya sa Jezreel.8 At dumating ang isang sugo, at isinaysay sa kaniya, na sinasabi, Kanilang dinala ang mga ulo ng mga anak ng hari. At kaniyang sinabi, Inyong ihanay ng dalawang bunton sa pasukan ng pintuang-bayan hanggang sa kinaumagahan.” (2 Hari 10:1-8)*** Pakakalatin at lilipulin ng Diyos ang mga manggagawa na nagsusulong ng maling katuruan, immoralidad, at gumagawa ng kasamaan at kaguluhan sa katawan ni Cristo.

4. Si Jesebel ay inilagay sa kamataayan gaya ng ipinahayag ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Salita, ***“30 At nang si Jehu ay dumating sa Jezreel nabalitaan ni Jezabel; at kaniyang kinulayan ang kaniyang mga mata, at ginayakan ang kaniyang ulo, at dumungaw sa dungawan.31 At samantalang si Jehu ay pumapasok sa pintuang-bayan, kaniyang sinabi, Kapayapaan ba ikaw Zimri, ikaw na mamamatay sa iyong Panginoon?32 At kaniyang itiningala ang kaniyang mukha sa dungawan, at nagsabi, Sino ang sa ganang akin? sino? At dinungaw siya ng dalawa o tatlong bating.33 At kaniyang sinabi, Ibagsak ninyo siya. Sa gayo'y ibinagsak nila siya: at ang iba sa kaniyang dugo ay pumilansik sa pader, at sa mga kabayo: at siya'y kaniyang niyapakan ng paa.34 At pagkapasok niya, siya'y kumain at uminom; at kaniyang sinabi, Tingnan ninyo ngayon ang sinumpang babaing ito, at ilibing ninyo siya: sapagka't anak ng hari.35 At sila'y nagsiyaon upang ilibing siya: nguni't wala na silang nasumpungan sa kaniya kundi ang bungo, at ang mga paa, at ang mga palad ng kaniyang mga kamay.36 Kaya't sila'y nagsibalik, at isinaysay sa kaniya. At kaniyang sinabi, Ito ang salita ng Panginoon, na kaniyang sinalita sa pamamagitan ng kaniyang lingkod na si Elias na Thisbita, na sinasabi, Sa bahagi ng Jezreel kakanin ng mga aso ang laman ni Jezabel:37 At ang bangkay ni Jezabel ay magiging gaya ng dumi na itinapon sa ibabaw ng bukid sa bahagi ng Jezreel; na anopa't hindi nila sasabihin, Ito'y si Jezabel.” (2 Hari 9:30-37)***

Sa mga gumawa ng kaguluhan sa Kanyang simbahan at ginamit ang katawan ni Cristo para sa mga posisyon at mga pribilehiyo at mga pang-aabuso ng tanggapan, pinansala ang mga lingkod ng Diyos, na nakipagkompromiso sa kanila at hindi kinondena o sumangayon sa mga politoko at maling gawain, alam ng Panginoon kung paanong harapin sila at ipatupad ang paghatol sa kanila at alisin sila mula sa simbahan.

***“22 Narito, akin siyang iniraratay sa higaan, at ang mga nakikiapid sa kaniya sa malaking kapighatian, maliban na kung sila'y magsisipagsisi sa kaniyang mga gawa.” (Pahayag 2:22)*** Narito ang Panginoon, ay ipinapahayag ang Kanyang paghatol sa mga sa simbahan ng Tiatira sa mga nilalaro ang simbahan at gamitin ang pamahalaan ng simbahan upang manghuthot at abusuhin ang bayan ng Diyos at ang mga ministerio ng Diyos, at magsamantala sa mga kawan sa ilalim ng kanyang pangangalaga, at nagpahintulot ng immoralidad at isulong ang immoralidad at pinahintulot ang mga kapistahan at pagkaing inihandog sa mga dios diosan at gamitin ang simbahan bilang ipagbili sa kanilang maling mga layunin at agenda, at bilang pagkukunan ng

kanilang ikabubuhay. Ipinahayag ng Diyos dito na Siya ang magraratay sa higaan ng karamdaman. Ganito dadalhin ng Diyos ang Kanyang paghatol sa ganitong uri ng mga simbahan sa Bagong Testamento na nagalak sa kasamaan. Ang mga simbahang ito na nagsulong para dungisan ang higaan ng pag-aasawa sa pamamagitan ng kasintahang lalaki, kasintahang babae, namumuhay sa relasyon, paghihiwalay at pag-aasawang muli, solong ina at solong ama na ipinapahintulot na mag-asawa sa iba na hindi ama o ina ng kanyang mga anak, wala sa batas na pagsasama, sa mga gumagawa ng ganoon ipapahintulot sa kanila ng Diyos na iratay sa higaan ng karamdaman, Ipapahintulot ng Diyos sa kanila na iratay sa higaan ng karamdaman at sakit na nakukuha sa pakikipagtalik katulad ng HIV, Syphilis, at kahit na ang Hepatitis. Sa gayon, sa mga katulad ni Jesebel ay magtatapos sa higaan ng karamdaman. Ang higaan na ginamit niya upang dungisan ang alintuntunin ng Diyos, ang tanggapan ng pag-aasawa, ang parehong higaan ay gagamitin upang gamitin sa kanya para tanggapin ang salot ng karamdaman; hindi lamang siya kundi kundi sa mga gumagawa ng pareho, ang kanyang mga anak, ang kanyang mga tagasunod, at ang kanyang mga alagad, na gumagawa ng kapareho niya, at sumangayon sa kanya, at namuhay ng katulad ng pamumuhay niya, para tupukin ng poot ng Diyos dahil sila'y nag-atubiling tumanggi para baguhin ang kanilang mga paraan at magsisi sa kanilang mga gawa. **Narito, akin siyang iniraratay sa higaan, at ang mga nakikiapid sa kaniya sa malaking kapighatian, maliban na kung sila'y magsisipagsisi sa kaniyang mga gawa.** Kaya dito ang Panginoon ay nangako ng karamdaman, at mga salot na darating sa mga gumagawa ng ganoon, ganon din ipinangako Niya na sila'y dadaan sa masakit na mga kapighatian at kaguluhan kaya sila ay mapaparusahan at tatanggapin ang bunga ng kanilang mga kasalanan at ang masakit na paraan ay upang ihanda sila para magsisi, upang mapagtanto ang lahat ng kanilang mga kasalanan at kamalian at sa wakas sila ay magkaroon ng lubos na pagkakataon upang bumalik sa kanilang kaisipan at talikuran ang lahat ng kanilang maling gawain. Ang Diyos sa Kanyang dakilang pagibig ay nagbigay ng masakit at matinding disiplina sa mga maling paraan at gumawa ng kasalanan at nilabag ang alintuntunin ng Diyos at dinumihan. Ang Kanyang Salita, at sa ganitong mga kaguluhan na Kanyang ipinahintulot, Ang Diyos ay nagpakita ng awa sa kanila sa pagbibigay ng matinding sakit ng karamdaman at kamatayan ng mga anak upang dalhin sila sa pagsisisi gaya ng ginawa Niya kay Ahab at Jesebel at ang kanilang pamilya na tumangging magsisi.

***"23 At papatayin ko ng salot ang kaniyang mga anak; at malalaman ng lahat ng mga iglesia na ako'y yaong sumasaliksik ng mga pagiisip at ng mga puso: at bibigyan ko ang bawa't isa sa inyo ng ayon sa inyong mga gawa." (Pahayag 2:23)*** Dito ang Panginoon ay s malinawitong sinabi, na papatayin Niya ng salot ang kanyang mga anak. Ito ang Salita ni Jesus, "***At papatayin ko ng salot ang kaniyang mga anak",*** at gagawin Niya iyon. Oo gagawin Niya iyon kung ang mga simbahan ni Cristo ay hindi magsisi. Hindi lamang sa espirituwal na kamatayan, ngunit sa isang totoong pisikal na kamatayan. Ang Panginoon ang pinakamataas na Panginoon, kapag hinatulan Niya ang kasalanan at kasamaan ng mga tao Siya ay mananaig at magtatagumpay, at lahat ng mga simbahan at ng bayan ng Diyos ay malalaman at magpagtatanto na nalalaman ng Diyos ang mga nangyayari, kung ano ang itinatago at hahatulan Niya ang mga kasalanan at gagawin Niyang pagbayarin ang mga ayaw magsisi at baguhin ang kanilang mga paraan. Mayroong mga tao ang matitigas ang ulo, at ang salita lamang na kanilang naiintindihan ay ang poot ng Diyos na dadalhin sila sa pagsisisi.

***At bibigyan ko ang bawa't isa sa inyo ng ayon sa inyong mga gawa:*** Hindi hahayaan ng Diyos na ang masasama ay hindi maparusahan.

Bilang narinig mo nang malinaw ang mga kinahinatanan ng mga kasalanan ng simbahan sa Tiatira at kung paano ipapadala ng Diyos ang Kanyang poot, ang higaan ng karamdaman, ang mga kapighatian, at ang kamatayan ng kanilang mga inapo, lumapit ngayon sa Panginoon sa pagsisisi sa lahat ng iyong mga kasalanan, na mali mong ginawa gaya ng naipaliwanag natin,magsisi sa immoralidad, sa pagkakaroon ng mga kaugnayan, kasintahang babae at kasintahang lalake at ang lahat ng immoralidad, pagpapahintulot sa mga kapistahan at mga dios diosan ng sanglibutan na nakapasok sa simbahan, paggamit sa mga tanggapan ng simbahan sa kasamaan at para sa pamumuhay, pininsala ang mga tunay na mga manggagawa at ng mga propeta ng Diyos na matapat na gumawa ng paglilingkod at nais kunin ang kanilang ministerio ng sapilitan, pangingikil at pagmamanipula. Magsisi at talikuran ang lahat ng mga kasalanang ito sa gayo'y ang Diyos ay magkaroon ng awa sa iyo at patawarin ka sa iyong mga kasalanan at tanggaping kang muli.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ingatan ang mensahe na iyong tinanggap at magsisi sa lahat ng iyong mga kasalanan na ating nabanggit sa itaas; pagsusulong ng immoralidad, pagsusulong sa pagkaing inihandog sa dios diosan, kasakiman, mga politiko, pagpatay, pagkuha sa ministerio ng iba, pagmamanipula, walang katarungan, paggamit sa posisyon ng simbahan para sa pamumuhay, paguusig sa tunay na lingkod ng Diyos, pagsusulong ng make up at hindi maayos na pananamit upang akitin ang laman ng tao para akitin sila na gumawa ng immoralidad at mali sa pananampalataya at pagkaing inihandog sa dios diosan.

Tayo ay lumapit sa Kanya sa pagsisisi. Habang ating pinagninilayan ang Kanyang Salita ating talikuran ang ating mga kasalanan at anumang hadlang na maglalayo sa atin sa paggawa ng tama at nais Niya sa atin upang gawin para sa Kanya. Ating gawin ang ating pinakamabuti upang patuloy tayong mabuhay sa kabanalan, sa pananampalataya at sa pagtitiis hanggang sa huli, hanggang makatagapo natin Siya sa alapaap at marinig mula sa Kanya, ***''Mabuting gawa, mabuti at tapat na alipin''***

Tayo ay magkaroon ng kamalayan at pagkilala sa nangyayari sa buhay ng ating simbahan at ministerio. Huwag nating hayaan ang mga nagsusulong ng make up, immoralidad, at sa mga nagamit ng ministerio ng simbahan para sa kanilang sariling pakinabang at kasakiman upang patuloy na maminsala sa iba at manipulahin sila para sa kanilang sariling layunin at kasakiman. Patuloy natin ibigay ang mensahe sa sinumang ipapadala ng Diyos sa atin. Ating tuldukan ang kasamaan at immoralidad at walang katarungan sa buhay ng ating simbahan at mga ministerio. Manindigan tayo laban sa lahat ng mga hamon at patuloy na gawin ang iba't ibang mabuti at mga gawa at sa Kanyang paglilingkod sa kabanalan at sa kalinisan, at patuloy natin linisin ang ating sarili, ang ating pamilya, ang ating mga alagad at ang Simbahan ng Diyos at maihanda patungo sa Kanyang pangalawang pagparito.

***Ang aking panalangin:*** Amang Diyos ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay mula sa kamatayan noong ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyong pagsaway na aking tinanggap mula sa iyong Salita na nakapagpanumbalik sa akin at nagawa kong maintindihan ang iyong kalooban at mga paraan at hinikayat ako na patuloy na manindigan laban sa kasamaan, immoralidad, maling mga katuruan, kasakiman, at pagmamanipula sa aking serbisyo at paglilingkod s aiyo

Ipagtapat ang iyong mga kasalaanna ngayon sa Diyos. Panginoon patawarin ako sa sumusunod na mga kasalanan _______. Magsisi sa pagmamapuri, takot sa tao, pakikipagkompromiso, kamunduhan, kakulangan sa pagseserbisyo at paglilingkod, at walang kagustuhang magtiyaga at magdusa alang alang kay Cristo.

Panginoon aking itinalaga ang aking sarili na tumalima sa iyong Salitang ito na aking natanggap sa mensaheng ito. Panginoon isinusuko ko ang aking buhay at aking kaloaban ng ganap sa iyo. Panginoon itinatalaga ko ang aking sarili na manindigan laban sa lahat ng kasamaan, kasakiman, mga maling katuruan, at mga immoralidad, ang make up, ang hindi disenteng pananamit, na ang mga bulaang mga guro ay sinusubukang ipakilala sa iyong simbahan.

Panginoon itinatalaga ko ang aking sarili na magebanghelyo sa pagabot sa bagong mga tao para kay Cristo. Panginoon itinatalaga ko ang aking sarili na gawin ang lahat ng mabubuting gawa at paglilingkod na inihanda at nais mo na gawin ko para sa iyong pagibig, sa pananampalataya, sa kahinahunan, at sa mahabang pagdurusa. Panginoon bigyan ako ng kalakasan, at kahinahunan na batahin ang tindi ng oposisyon dahil sa iyong Salita. Panginoon pusposin ako ng Banal na Espiritu at magkaroon ng kaganapan sa iyo. Panginoon ibigay sa akin ang mga kaloob ng Banal na Espiritu sa gayo'y ako'y makaparoon at maglingkod sa iyo at ipalaganap ang iyong Salita at turuan ang mga nagnanais na sumunod sa iyo.

Panginoon aking ipinapanalangin ang aking mga kapatid na Lalake at Babae na tinanggap ang iyong Salita at handang isabuhay ang kanilang buhay at maglingkod sayo at magdusa para sa iyong Salita. Panginoon protektahan sila at ibigay ang lahat ng kanilang mga kailangan. Panginoon iligtas sila mula sa lahat ng mga tukso at gawa ng diablo. Panginoon gumawa ka ng mga himala para sa kanila at paging dapatin sila na makalampas sa mga oposisyon at paguusig, at batahin hanggng ikaw ay dumating at kunin kami kasama mo sa Langit.

Panginoon pagpalain kami at panatilihin kami bilang isang simbahan. Panginoon tulungan kami, protektahan kami, at ibigay ang para sa amin na patuloy na maglingkod sayo at gawin ang iyong gawa at ang iyong kalooban. Panginoon ibigay sa amin ang higit ang mga kaloob ng Banal na Espiritu upang magebanghelyo at abutin ang bagong mga tao ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo at ng mensahe ng Salita ng Diyos. Panginoon protektahan kami mula sa pag-uusig na ang bulaang mga guro, bulaang mga propeta at bulaang namumuno ng simbahan ay maaring magpahirap sa amin. Panginoon, kami'y nanalangin na paging dapatin kami na makapagtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan at tuparin ang pananaw ng simbahan. '*Pagpaparami sa kapayapaan sa Pagpapatupad ng Buong Kalooban ng Diyos'*. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay upang hindi naming madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Aral mula sa sermon ni Jesus sa bundok Yugto 51. Ang sulat ni Jesus sa simbahan ng Tiatira Yugto 3. Pahayag 2:18-23. 2 Pedro 3:9. 1 Hari 21:17-29. 1 Hari 22:6. 1 Hari 22:37-38. 2 Hari 1:1-2,17. 2 Hari 9:21-26. 2 Hari 10:1-8. 2 Hari 9:30-37.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates

Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com